QUEZON CITY PUBLIC LIBRARY

Indexed

LUNGSOD NG QUEZON
SAGISAG OPISYAL

*Pang-alaalang*
*Palatuntunan ng*
*Pagtatalaga sa Tungkulin*

Souvenir Program

# *Bagong Halal na mga Pinuno ng Lungsod Quezon*

Souvenir Program

*Sa bagong Gusaling-Lungsod*
*Lungsod Quezon*
*Enero 1, 1968*



## *Pambansang Awit ng Pilipinas*

*Bayang magiliw,*
*Perlas ng Silanganan,*
*Alab ng puso*
*Sa dibdib mo'y buhay.*

*Lupang hinirang,*
*Duyan ka ng magiting,*
*Sa manlulupig*
*Di ka pasisiil.*

*Sa dagat at bundok,*
*Sa simoy at sa langit mong bughaw,*
*May dilag ang tula*
*At awit sa paglayang minamahal.*

*Ang kislap ng watawat mo'y*
*Tagumpay na nagniningning*
*Ang bituin at araw niya,*
*Kailan pa ma'y di magdidilim.*

*Lupa ng araw, ng luwalhati't pagsinta,*
*Buhay ay langit sa piling mo;*
*Aming ligaya, na pag may mang-aapi,*
*Ang mamatay ng dahil sa iyo.*

## *Palatuntunan*

**Enero 1, 1968**
**Sa Umaga**

Gaganapin sa Bagong Gusaling-Lungsod
Lungsod Quezon

### UNANG BAHAGI:

7:00 Pagdating ng mga Panauhin

7:10 Pagdating ng mga Kgg. na Konsehal
at ng Kanilang Maybahay

7:15 Pagdating ng Kgg. na Pangalawang Alkalde
at ang Kanyang Maybahay

7:20 Pagdating ng Kgg. na Alkalde ng Lungsod
at ng Kanyang Maybahay

### IKALAWANG BAHAGI:

7:30 **Misang Pangmadla**

**Reb. Padre Alfonso Caparas**
*Ang Gaganap*

Tutulungan nina:

*Tagapaglahad* .................... Abogado Diosdado Roque
*Tagapanayam* .................... G. Fidel Exconde
*Mga Sakristan* .................... Abogado Gene Pacis
G. Jose Vega

### IKATLONG BAHAGI:

9:00 **Pagtatalaga sa Tungkulin**

## *Palatuntunan ng Pagtatalaga sa Tungkulin*

9:00 ng umaga

1. *Ang Pambansang Awit* ........ Banda Konstabularya ng Pilipinas
   Kapitan Honorato S. Pedro, *Patnugot*

2. *Panalangin* ........ Reb. Padre Alfonso Caparas

3. *Pagtatalaga sa Tungkulin sa mga*

| **Bagong Halal na Mga Pinuno** | **Mga Mangangasiwa** |
|---|---|
| ***Alkalde*** | |
| Norberto S. Amoranto | Kgg. Gil J. Puyat<br>*Pangulo ng Senado* |
| ***Pangalawang Alkalde*** | |
| Ismael Mathay, Anak | Kgg. Ismael Mathay, Ama<br>*Pangkalahatang Tagasuri* |
| ***Mga Konsehal*** | |
| Eduardo T. Paredes | Hukom Lourdes P. San Diego |
| Rafael Mison, Anak | Hukom Walfrido delos Angeles |
| Saturnino V. Bermudez | Kgg. Alkalde Norberto S. Amoranto |
| Florentino A. Lapus | Kgg. Pang. Alkalde I. Mathay, Anak |
| Hermogenes Caluag | Hukom Lourdes P. San Diego |
| Alfredo Francisco | Mahistrado Fred Ruiz Castro |
| Jesus Perlas, Anak | G. Jesus Perlas, Ama |
| Romulo Lucasan | Kgg. Alkalde Norberto S. Amoranto |

4. *Pasinayang Talumpati* ........ Kgg. Alkalde Norberto S. Amoranto

5. *Martsa* ........ Banda Konstabularya ng Pilipinas

**IKAAPAT NA BAHAGI:**

8:30 ng gabi — **SAYAWAN NG PAGPAPASINAYA**
gaganapin sa bagong Gusaling-Lungsod
Lungsod Quezon

*** MGA TANGING PALABAS ***

Rigodon de Honor

Mga Bilang Pangmusika

Mga Sayaw

*Magsisitugtog*:

Serafin Payawal
at ang
Kanyang Orkestra

Orkestra ng Konstabularya
ng Pilipinas

☆ ☆ ☆

G. Celso Carunungan
*Guro ng Palatuntunan*

## KGG. ALKALDE NORBERTO S. AMORANTO

Isa sa mga ipinagmamalaki ng lalawigan ng Laguna ay kumita ng unang liwanag sa bayan ng Biñan na sa mula't mula pa ay kilala na sa larangan ng paghahanapbuhay. Ang kanyang mga magulang na sina Lucio Amoranto na isang magsasaka at ang dating Rufina Salandanan na isang tindera sa palengke ay hindi minsan man naisip na balang araw ang kanilang anak ay magiging isa sa mga mamumuno sa ating bansa. Siya'y walang iba kundi si Kgg. Norberto S. Amoranto, ang huling hinirang na Alkalde ng Lungsod Quezon at unang nahalal sa tungkuling ito na sa kasalukuyan ay nasa ikatlong panahon ng panunungkulan.

Si Berting na kilala sa taguring ito, ay nagtapos sa Mababang paaralan ng Biñan at sa Mataas na Paaralan ng Laguna.

Likas sa kanya ang kasipagan kaya bata pa ay katulong na siya ng kanyang ama sa bukid at ng kanyang ina sa palengke kung linggo at piyesta.

Dahil sa kanyang mapag-adhikang damdamin si Alkalde Amoranto ay nakatapos ng kanyang pag-aaral sa Kolehiyo habang siya'y naglilingkod bilang isang mensahero sa nawala nang Kawanihang Tagapagpaganap mula noong 1930. Nagtapos siya ng pagkamananggol sa "Philippine Law School" noong 1939 at noong 1952 natanggap niya ang titulo ng pagkadalubhasa sa batas. Naglingkod siya sa Kawanihan ng Rentas Internas sa iba't ibang kategoriya hanggang sa naging nakatataas na iksaminador.


Nagkapalad siya nang makilala niya ang isang magandang guro, ang dating Asisola Lim ng Sta. Cruz, Laguna. Sila ay nag-isang dibdib noong 1936 at ang kanilang pagsasama ay pinagkalooban ng apat na anak.

Sa kagustuhan niyang mapakinabangan ang kanyang propesyon siya'y nagbitiw sa kanyang tungkulin sa pamahalaan noong 1952. Hinawakan niya ang mga usapin tungkol sa buwis sa kita at noong huli siya'y naging isa sa pinakamataas na manananggol sa buwis at sanggunian tungkol dito. Bilang isang manananggol napairal niya ang bawas na limampung bahagdan sa halaga ng mga loteng ipinagbili ng Samahan ni Araneta.

Bilang isang lider na pambayan, nahalal siyang pangalawang pangulo ng Liga ng Samahan ng mga Magulang at Guro sa Lungsod Quezon at pangulo ng Samahan ng mga Magulang at Guro sa La Loma sa loob ng sunud-sunod na labing-apat na taon. Naglilingkod siya sa pamahalaan nang halos dalawampu't siyam na taon na.


Ang pagkahalal na muli sa kanya bilang Alkalde ng Lungsod Quezon ay tanda ng kanyang kapansin-pansing tagumpay sa larangan ng pulitika.

Si Alkalde Amoranto bilang tagapagtayo ng Lungsod Quezon at isang tapat na pinuno ng pamahalaan ay maaalaalang palagi ng kanyang mga kababayan dahil sa kanyang maraming nagawa na umaalinsunod sa mga simulain ng nasirang Pangulong Manuel L. Quezon. ang arkitekto at ang nagtatag ng Lungsod Quezon.



*Norberto S. Amoranto*

ALCALDE



*Kgg. Ismael Mathay, Anak*

*PANGALAWANG ALKALDE*

Ang Kgg. na Pangalawang Alkalde ng Lungsod Quezon na si Ismael Mathay, Anak, ay isinilang noong ika-26 ng Hunyo, 1932. Siya'y ikalawa sa apat na anak na lalaki ng mag-asawang Ismael Mathay, Ama, at ni Josefina Austria. Ang kanyang Ama ay naging Komisyonado ng Badyet at kasalukuyang Oditor Heneral ng Pilipinas.

Nagtapos siya ng BSBA (Economics) sa Pamantasan ng Pilipinas at sa Kolehiyo ng Batas, sa San Beda naman siya nakatapos ng pagkaabugado niya.

Si Ismael Mathay, Anak, ay maraming hinawakang tungkulin sa iba't ibang larangan.

Siya'y nakatanggap ng medalyang ginto sa Pagtatalo at Pagtatalumpati sa Pamantasan ng Pilipinas.

Naging Kagawad siya ng "Editorial Board, Philippine Columbia, U.P."—(1951-52)

Kagawad ng "Senior Council, U.P." (1952-53).

Kagawad ng Liga ng mga Manananggol sa Bataan.

Kagawad ng "Pan Xenia — International Foreign Trade Fraternity"

Kagawad ng "Upsilon Sigma Phi Fraternity"

Naging kabiyak niya ang dating Sonya Gandianco. Ang kanilang pagsasama ay pinagkalooban ng apat na anak.

## MGA KONSEHAL




### KGG. EDUARDO T. PAREDES

Si Eddie T. Paredes, pinakabata sa lahat ng mga nahalal na konsehal ang siya ring nagtamo ng pinakamaraming boto tulad noong nakaraang halalan. Siya ang dating pinunong-tagapagbalita (PRO) at pansariling kalihim ni Alkalde Amoranto. Siya ang sinundang pangulo ng "Quezon City Government Supervisory Personnel Association" at pangalawang pangulo ng "Quezon City Government Employees Savings and Loan Association".

Si Paredes na dating tagapagbalita ay nag-aaral ng pagkamanananggol ngunit huminto siya nang magsimula siyang maglingkod sa pamahalaan. Siya'y pinagkalooban ng katibayan sa pagtatapos noong maipasa niya ang "In Service Training for Staff Development Course" sa Pamantasan ng Pilipinas. Isa siya sa masigasig na kasapi ng "Rang-Ay" at "Kamias District Residents Association."

Sa nakaraang Sangguniang-Lungsod si Konsehal Paredes ay tagapangulo ng Lupon sa Pananalapi at Pangalawang Tagapangulo ng lahat ng Pamalagiang Lupon.

Nagkapalad siyang maging kabiyak ang dating Leonor Rañola. Sila ay may walong anak.




### KGG. RAFAEL MISON, ANAK


Si Konsehal Mison ay ipinanganak sa Camalig, Albay noong unang araw ng Mayo, 1927. Ang kanyang mga magulang ay sina Rafael Dy Mison, Ama at ang dating Consuelo Ortille Massey na kapwa taga Camalig. Lumaki siya at nag-aral sa Lungsod ng Naga. Maligaya siyang namumuhay sa piling ng kanyang maybahay na dating Ma Consolacion de Leon Cruz ng Calumpit, Bulakan.

Nagtapos ng haiskol, sa Lungsod ng Naga na may karangalan. Siya'y pangulo ng Sanggunian ng mga mag-aaral sa Mataas na Paaralan ng Camarines Sur. Isa siyang masigasig na lider ng mga mag-aaral, isang mananalumpati at isang magaling makipagtalo.

Nakatapos siya ng pagkaabogado sa pamamagitan ng sariling pagsisikap at kinikita noong panahon ng kanyang pag-aaral. Nakasulit siya sa Bar noong 1953.

Marami siyang tungkuling ginampanan sa panahon ng kanyang paglilingkod nguni't ang pinakatampok sa lahat ay ang tungkulin ng pagkatagapangulo ng Komite sa Gawaing Bayan, Edukasyon at mga Parke at Palaruan.





**KGG. SATURNINO V. BERMUDEZ**

Ang halal na muli na konsehal Saturnino V. Bermudez ay isinilang sa Galas, Lungsod ng Quezon noong ika-22 ng Hunyo, 1926. Ang kanyang mga magulang ay sina Ceferino T. Bermudez ng Rosario La Union at Victoria Viloria ng San Fabian, Pangasinan. Naging maybahay niya ang dating Teoficacion S. Dimaano. Sila ay may tatlong anak.

Nagtapos siya ng pagkamanananggol sa Pamantasang Nasyonal noong 1953 at nakasulit sa Bar noong 1954 na may antas na 85.1%.

Si Konsehal Bermudez ay pinagkalooban ng ilang gantimpala at dikorasyon sa Paglilingkod sa Hukbo nang may karangalan noon Disyembre 13, 1945. Tumanggap din ng mga Kaloob ng Pilipinas.

Siya'y Tanging Tagapagsiyasat at legal na Mananaliksik ng Sangguniang Lungsod (1954-1955) at Punong Sangguniang Tekniko ukol sa Kabuhayang Pangnayon, 1961-1963.

Siya'y tagapangulo sa Pagtuklas ng Tunay na Pangyayari sa Proyekto sa Pagbabahay at Subdibisyon sa nakaraang Sangguniang Lungsod.

**KGG. FLORENTINO A. LAPUS**


Si Ka Tino na kilalang-kilala sa taguring ito ng kanyang mga tagahanga sa radyo at TV ay isa ring manunulat sa magasing Graphic noong bago magkadigma.

Si Konsehal Lapus ay isa sa mga nagtatag at dating pangulo ng FAMAS. Kabilang siya sa mga pamunuan ng iba't ibang samahan ng mga magulang at guro, pangalawang tenyente ng baryo ng Vasra Village, at patnugot ng Lalaking Iskaut sa Pilipinas sa Sangay sa Lungsod Quezon.

Karangalan ni Ka Tino ang pagkakaloob sa kanya ng ilang gantimpala, alalaong baga'y: plake ukol sa paglilingkod niya bilang tagapag-ugnay ng ika-12 Pandaigdig na Diyambori ng mga Lalaking Iskaut, medalya dahil sa pagtulong niya sa mga biktima ng malaking baha sa Lungsod Quezon noong Mayo 28, 1960, katibayan ng kanais-nais na katangian na ipinagkaloob ng Tala Leprosarium, at plake ng Surian ng Wikang Pambansa.







**KGG. HERMOGENES CALUAG**

Ang dating Hukom Caluag na ngayon ay isa sa mga nahalal noong Nobyembre 14, 1967, na kagawad ng Sangguniang Lungsod ay kumita ng unang liwanag sa Mololos, Bulakan.

Nagtapos siya ng Batsilyer en Artes sa Ateneo de Manila na may mataas na karangalan (Cum Laude). Natapos din niya ang pagkamananggol sa Kolehiyo ng Batas, sa Pamantasan ng Pilipinas noong 1919 at nakasulit sa taong ding iyon sa bar.

Dahil sa kanyang kakayahan siya'y naghawak ng iba't ibang tungkulin sa larangan ng katarungan. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

1. Naging kalihim siya ng Hunta Probinsiyal ng Bulakan.
2. Nahirang siya ng Pangulong Quezon na Piskal Probinsiyal sa Quezon noong 1937-1945, at
3. Nahirang din siya ng Pangulong Roxas na Hukom ng Unang Dulugan sa Albay noong 1946-1948.
4. Tumupad siya ng tungkulin ng Pangalawang Kalihim ng Kagawaran ng Katarungan sa panahon ng Kalihim Jose P. Bengzon noong 1949.
5. Naging Hukom na muli ng Unang Dulugan sa Rizal subalit sa Lungsod Quezon tumupad ng tungkulin (1950-1965).
6. Nahirang din siya ng Punong Mahistrado Cesar Bengzon ng Kataas-taasang Hukuman na maging tagasulit ng mga ibig maging manananggol noong 1958 at naulit pa ang tungkuling ito noong 1961.

**KGG. ALFREDO FRANCISCO**


Si Ginoong Alfredo Francisco ay isa sa bagong halal na konsehal sa Lungsod Quezon. Sa pinilakang tabing una siyang napabantog at dito'y kilala siya sa pangalang Fred Montilla, "ang lalaki para sa lahat ng panahon." Kilala siya ng lahat sa pagkamaginoo at pagkamatulungin, katangiang naging gabay niya sa pagkahalal na konsehal ng Lungsod Quezon.

Si Konsehal Alfredo Francisco ay nag-aral ng Pilosopiya sa Pamantasan ng Pilipinas. Siya ay kasapi sa mga kapisanang "U.P. Alumni Association" at "Vanguard Fraternity, U.P." Siya ay nakatala bilang unang Tinyente sa Reserbadong Pangkat ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas.

Noong 1966-1967 ay nakabilang siya sa Komite ng Alkalde ng Lungsod Quezon para sa napapabayaang mga bata.

Naging maybahay niya ang dating Socorro Zaballero ng Lucena, Quezon. Lima ang kanilang mga supling.

## MGA KONSEHAL




**KGG. JESUS P. PERLAS, Anak**

Ang bagong halal na Konsehal ng Lungsod Quezon na si Jesus Perlas, Anak, ay isinilang sa Maynila noong ika-8 ng Oktubre, 1934. Ang kanyang mga magulang ay sina Jesus C. Perlas at Anunciacion Pineda ng Iloilo. Nakaisang-dibdib niya ang dating Sonya Acevedo ng Lungsod Roxas. Sila'y pinagkalooban ng dalawang anak na lalaki, si Joseph, at si Jesus III.

Si Konsehal Perlas ay nagtapos sa Mataas na Paaralan ng San Beda at nakuha niya ang titulo ng pagka-Inhinyero Sibil sa Pamantasan ng Pilipinas noong 1955. Ikaanim siya sa nakapasa sa iksamen sa "Board" noon din taong iyon. Siya'y may "Masters Degree" sa "Industrial Management" sa U.P. Natapos din niya ang Dale Carnegie Course Class No. 82 sa Executive Training Institute noong 1961. Marami siyang kilusang pampaaralan at panlipunan na inaniban na nagbigay sa kanyang katauhan ng dagdag na karangalan.

Noong 1956 nakatanggap siya ng karangalan sa pagkatanyag na nagtapos sa San Beda. Naging Kalihim-Patnugot siya ng Samahan ng mga Nagtapos na Inhiyero sa U.P. Siya'y Patnugot din ng Samahan ng mga Mamamayan para sa Mabuting Pamahalaan mula noong 1965 hanggang ngayon.

Sa pagka-"Jaycee" niya siya'y pinagkalooban ng karangalang Pinakatanyag na "Jaycee" sa Asia noong panahon ng "Seoul' Korea Conference" (1967). Naging pambansang Pangulo siya ng "Junior Chamber of Commerce of the Philippines" noong 1965.



**KGG. ROMULO LUCASAN**

Si Konsehal Lucasan na isa sa mga nagtapos sa Pambansang Paaralan ng Sining at Hanapbuhay ay isang matagumpay na mangangalakal at isa rin taong may diwang mamamayan.

Ang dating puno ng gerilya ay konsehal ng Lungsod Quezon mula pa noong 1954 hanggang 1959. Nahalal na muli noong 1964 at ngayon ay patuloy pa rin sa tungkulin ito. Bilang isa sa mga kasangguni ng Lungsod Quezon nakatulong siya sa pagpapatibay ng may limandaang ordenansa at mga kapasiyahan. Siya ang may pangunahing pananagutan sa mga sumusunod na proyekto:

(a) Pagtatayo ng Mababang Paaralang Esteban Abada sa Project 7

(b) Pagkakabit ng pambayang gripo sa San Francisco del Monte, at ang

(k) Pagpapatibay ng pagkakabit ng mga ilaw sa kalsada sa Baesa, Novaliches.

Si Konsehal Lucasan ay ikinasal sa dating Rosie Ervin.

## *Lupong Tagapagpaganap*

Tagapangulong Panlahat .............................. G. MANUEL RODRIGUEZ

Katulong na Tagapangulong Panlahat

G. NORBERTO L. AMORANTO, ANAK

G. DOMINADOR INOCENTES

**Mga Kagawad:**

1. Pansamantalang Taga-ingat-yaman
   G. MARCELO DELOS SANTOS
2. Piskal JUSTINIANO CORTEZ
3. Inhinyero PANTALEON TABORA
4. Superintendente ALFREDO J. ANDAL
5. Koronel TOMAS B. KARINGAL
6. Kalihim FELIPE TING
7. G. CELSO CARUNUNGAN

## *Mga Lupon*

**I. Lupon sa Pananalapi**

Tagapangulo — Pansamantalang Taga-ingat-yaman

G. MARCELO DELOS SANTOS

**Mga Kagawad:**

1. Tagasuri LEON C. REBOREDO
2. G. LEONARDO CUYONG
3. Kalihim ANACLETO MADRILEJO
4. G. SALVADOR NARCELLES

II. **Lupon sa Palatuntunan**

Tagapangulo .................... Superintendente ALFREDO J. ANDAL

Katulong na Tagapangulo ............ G. ANACLETO S. MADRILEJO

**Mga Kagawad:**

1. G. LEONARDO CUYONG
2. Dr. PETRONIO MONSOD
3. Gng. ATANACIA O. DORADO
4. Gng. CANDIDA PROTACIO
5. Bb. CLEOFE MENDINUETO

III. **Lupon sa Pag-aanyaya at Pagtanggap**

Tagapangulo .................................. Piskal JUSTINIANO CORTEZ

Katulong na Tagapangulo ............ Hukom RICARDO P. TENSUAN

Pangalawang Tagapangulo .................... G. ELPIDIO M. MENPIN

**Mga Kagawad:**

1. Abogada FELICIDAD PERALTA
2. Gng. LOURDES VERGARA
3. Gng. LUZ GONZALES

IV. **Lupon sa Tanghalan**

Tagapangulo ............................... Inhinyero PANTALEON TABORA

Katulong na Tagapangulo ........................ G. LEON C. REBOREDO

**Mga Kagawad:**

1. G. LUCIANO AQUINO
2. G. ERNESTO REYES
3. G. LUCIO RODRIGUEZ
3. G. ROQUE MA. GONZALES

V. **Lupon sa Libangan**

Tagapangulo ............................... Koronel TOMAS B. KARINGAL

Katulong na Tagapangulo ........................ Gng. VERONICA RAMOS

**Mga Kagawad:**

1. Gng. CONMEMORACION CONCEPCION
2. Bb. LILING VILLANUEVA
3. Gng. SOCORRO FRANCISCO
4. Komandante EPIFANIO CANZON

VI. **Lupon sa mga Pamatid-uhaw**

Tagapangulo ............................................. Kalihim FELIPE TING

Katulong na Tagapangulo ........................... G. MOISES ROMERO

**Mga Kagawad:**

1. Abogado AUGUSTO T. SUNGA
2. Gng. TERESA DE LEON
3. Abogado NANY MANANSALA
4. G. ALBERTO GALARPE
5. G. WILLY MAMONLUK

VII. **Lupon sa Publisidad**

Tagapangulo ........................................... G. CELSO CARUNUNGAN

**Mga Kagawad:**

1. G. DANNY MACABUHAY
2. Bb. JOYCE A. CUENTO
3. G. FLORENTINO MARFIL
4. G. FRANCISCO ALVAREZ

*"Ang pangarap ko'y ang pook na ito. Pook na paninirahan ng mayayama't mahihirap. Isang pook na balang araw ay siyang magiging punong lungsod ng Pilipinas."*

*Manuel L. Quezon*